## AGARANG FINANCIAL ASSISTANCE SA MGA NASUNUGAN

# Pangako tinupad ni Mayor Joy

Tinupad ni Quezon City Mayor Joy Belmonte ang pangako nito sa kanyang inaugural speech na kagyat na bibigyan ng ayuda ang mga nasunugan sa Quezon City sa loob ng tatlo hanggang limang araw, mas mabilis sa nakagawian dating 2 buwan hanggang 6 na buwan.

Ito ay makaraang pangunahan kahapon ng hapon ni Belmonte ang pagkakaloob ng financial assistance sa 57 pamilyang nasunugan sa Brgy. Bahay Toro noong July 1 na ginawa sa isang simpleng seremonya sa kanyang opisina sa QC Hall.

"Kung dati ay dalawang buwan hanggang anim na buwan bago nakakapagbigay ng tulong ang lokal na pamahalaan ng QC, sa aking administrasyon, kailangan makatanggap na ng tulong ang mga nasunugan sa loob ng tatlo hanggang limang araw matapos ang validation ng social workers. Importante ang mabilis at agarang tulong sa panahon kung kailan pinaka-kailangan ito ng mga biktima ng sunog," pahayag ni Belmonte.

Ang mga nabigyan ng ayuda ay kinilala at na-assess ng Social Services Development Department. P2,000 ang tinanggap ng mga may-ari ng bahay at P1,000 kung nangungupahan ng bahay.

Una nang nangako si Belmonte na siya ay lilikha ng isang sistema na magbibigay daan na makatanggap ng ayuda mula sa lokal na pamahalaan ang mga nasunugan sa lungsod. *(Angie dela Cruz)*